フィリピノ語

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

地域から始めよう
しずおか防犯まちづくり

No. 166

Ika-15 ng Hulyo 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL:054-221-3715

## Ginanap ang 2020 na Pagpupulong ng Lupon ng Mamamayan para Iwas-krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan sa Shizuoka sa pamamagitan ng kasulatan.

### Ano ba ang「Lupon ng Mamamayan para Iwas Krimen」•••

Ang lupon sa kooperasyon ng mga lokal na residente, lokal na samahan, grupo ng mga nangangalakal at lokal na pamahalaan ay itinataguyod ang mga gawain ng iwas krimen para sa kaunlaran ng bayan hindi lamang para ligtas at panatag na makapamuhay ang mga mamamayan kundi para maisakatuparan ang minimithing Shizuoka.

**Bagay na Tinalakay①Pagsang-ayon sa mga Bagong Miyembro na Grupo**

Bagong miyembro na grupo

✧ Shizuoka Kōsei Hogo Kyōkai

✧ Shizuoka Kōsei Hogo Josei Renmei

＊Sa pagpasok ng 2 grupo, magiging 107 na grupo na ang kasapi sa lupon ng mamamayan sa lalawigan.
(Grupo ng mamamayan at komunidad: 52, grupo ng mga nangangalakal: 49, ahensya ng gobyerno: 6)

**Bagay na Tinalakay②Pagsasakatuparan ng layunin ng pagpupulong ng**

Maitakda ang krimen sa paglabag sa penal code ng mas mababa sa 20,000

**Bagay na Tinalakay③Mahalagang Punto ng Gawain sa Pagpupulong**



(1) Paghadlang na mabiktima ayon sa hakbang para sa kaligtasan ng mga kabataan
(2) Paghadlang sa pambibiktima ng bukod tanging panloloko lalo na sa mga matatanda
(3) Paghadlang na mapasok at mapagnakawan ang mga bahay at bahay kalakal
(4) Paghadlang sa kaso ng paglapit at pambibiktima sa mga kababaihan
(5) Paghadlang sa pambibiktima sa mga dayuhang residente at turista

*Lahat ng mga tinalakay sa ①～③ ay sinang-ayunan.* 承認

Ngayong taong ay itataguyod muli ang paglikha ng ligtas at panatag na Shizuoka kaya hinihiling namin ang inyong tulong.

### Impormasyon tungkol sa Bukod Tanging Panloloko

**Mag-ingat lalo na ang mga babaeng nasa 70～80 ang antas ng edad!!**

Madalas mangyari na ang mga kriminal ay nagpapanggap na taga-munisipyo, taga-bangko o pulis at nanloloko at tinatangay ang ATM kard (panloloko sa deposito sa bangko), nag-uutos na ilagay ang ATM kard sa sobre at kapag nakakita ng pagkakataon pinapalitan ang sobre (pagnanakaw ng ATM kard).

**Kapag binanggit ng inyong kausap sa telepono ang salitang「salapi」,「ATM kard」,「pin number」atbp., ito ay malamang manloloko! Huwag mag-atubili at idulog agad sa Kapulisan!!**

Pinagmulan: Website ng Kapulisan

# Gawain ng Tagapangalaga ng Kaligtasan sa Lokal na Lugar!!

## ✿ Sino ba ang Tagapangalaga ng Kaligtasan? ✿

Ang tagapangalaga ng kaligtasan ay isang boluntaryo para sa iwas-krimen sa lokal na lugar na itinalaga ng pinuno ng Kapulisan at Samahan ng Iwas-krimen at nagsisilbi bilang lider sa mga kusang gawain ng mga residente pagdating sa iwas-krimen. Masigasig at buong pusong inialay nila ang kanilang kakayahan para makapamuhay ng payapa at panatag ang mga mamamayan.





Larawan ng mga gawain ng mga Tagapangalaga ng Kaligtasan sa Lupon ng Iwas-krimen sa Kapulisan ng Mishima!!



Sila ay lubos na pinoprotektahan ang inyong pamumuhay!!

**2020** Gawain sa Kaligtasan ng Lokalidad sa Buong Bansa
Gawain sa Pagsugpo sa Pananakit sa Buong Bansa

## Resulta ng Pagpapasya sa Gagamiting Slogan
(Lupon ng Pagpapatupad ng Iwas-krimen sa Lalawigan )

### ○Unang Gantimpala 1

「Paghadlang sa Pambibiktima ng Krimen sa Kabataan at Kababaihan」

**Papangalagaan ang iyong kaligtasan ng running patrol**
Sato Ryoma, Estudyante sa Kolehiyo(Ikatlong taon)
Lungsod ng Fukuroi

### ○Parangal 3

「Pagsasakatuparan ng Kaligtasan sa Internet」

**Mag-ingat sa mga hindi kilalang tao sa SNS**
Hiyoshi Rino, Estudyante ng Mababang Paaralan ng Inouzawa (Ika-anim na baitang), Lungsod ng Shimoda

「Paghadlang sa Pambibiktima ng Krimen sa Kabataan at Kababaihan」

**Bayanihan, yaman ng komunidad para mapangalagaan ito**
Takemoto Nanami, Kohoku Kōtō Gakkō Sakuma Bunkō (Unang taon)
Lungsod ng Hamamatsu

「Puksain ang Sindikato ng Krimen」

**Iwaksi ang sindikato ng krimen sa ating lugar**
Tabe Harumi Part-time na empleyado ng Kapulisan, Lungsod ng Yaizu

Ipapakila ko ngayon ang slogan!! Mayroon din patimpalak sa paggawa ng poster at litrato ng Aoi patrol! Napakahusay talaga ninyong lahat!



## Hulyo ay ang「buwan ng kampanya para hindi magkamit muli ng krimen」.

Gamitin natin ang pagkakataong ito upang tulungan ang mga nakagawa ng krimen at lumabag sa batas na makapag-bagong buhay sila at pahalagahan ang pag-iwas sa paggawa muli ng krimen.

Kagawaran ng Katarungan
Twitter
@MOJ_HOGO

Kagawaran ng Katarungan
Instagram
@moj_kouseihogo

再犯
防止

**Huwag bumalik manumbalik sa krimen**

Puwersa ng komunidad na tumutulong sa pagbabagong buhay